
	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0019
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsulta with Sustainable Development Goals (SDG) - Related Benefits Package

Tanong	Sagot
Ano ang PhilHealth Konsulta with Sustainable Development Goals (SDG) - Related Benefits o Konsulta+SDG at paano ito naiiba sa ibang salin ng Konsulta?	<p>Ito ang pinalawak na PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (Konsulta) package na may mga karagdagang benepisyong na magagamit ng mga miyembro sa primary care o outpatient na pasilidad.</p> <p>Kasama na rin sa package ang mga iilang serbisyo para sa tuberculosis, HIV-AIDS, rabies, at malaria na maaaring mabigay ng primary care facility.</p>
Bakit ginawa ang Konsulta+SDG?	<p>Alinsunod sa Republic Act 11223 o Universal Health Care (UHC) Act, sisikapin ng PhilHealth na bumuo ng komprehensibong benepisyong para sa Primary Care na tatawaging Konsulta+.</p> <p>Bilang paghahanda sa Konsulta+, binuo ang Konsulta+SDG upang maipagsama ang ilang serbiyong primary care at ilang piling standalone na benepisyong.</p>
Ano ang makukuhang mga serbisyo mula rito?	<p>Nakapaloob sa Konsulta+SDG ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Health consultation at assessment ● Diagnostic tests ● Mga piling gamot <p>Kasama rin ang mga serbisyo at gamot para sa tuberculosis, HIV/AIDS, rabies, malaria, at mga karaniwang konsultasyong pang-outpatient.</p>
Sino at paano gamitin ang benepisyong ito?	<p>Lahat ng Filipino ay maaaring makagamit ng benepisyong ito. Kailangang magparehistro ang miyembro sa isang accredited at contracted na Konsulta+SDG provider para magamit ang mga benepisyong.</p> <p>Kung nais ng miyembro na magparehistro sa isang pribadong Konsulta+SDG provider, magbabayad ang miyembro sa provider ng PhP 250.00 kada taon para sa mga benepisyong na nakapaloob sa Konsulta+SDG.</p>

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0019
	Title	Implementing Guidelines for the PhilHealth Konsulta with Sustainable Development Goals (SDG) - Related Benefits Package

Saan ito maaaring magamit?	<p>Sa mga pampubliko o pribadong pasilidad na accredited at contracted bilang Konsulta+SDG provider kung saan rehistrado ang miyembro.</p> <p>Maaari ring magamit ang benepisyo sa mga Affiliate Primary Care Provider (APCP) tulad ng mga diagnostic center nang walang dagdag-gastos kapag may referral o request na nanggaling sa Konsulta+SDG provider kung saan siya rehistrado.</p>
Kailan magagamit ang benepisyong ito?	Sisimulan ang implementasyon ng Konsulta+SDG sa 2024 sa mga piling lugar na iaanunsyo ng PhilHealth.
Pwede bang lumipat ang miyembro sa ibang Konsulta+SGD provider mula sa pasilidad kung saan siya nakarehistro?	Oo, kung kinakailangan. Halimbawa, lumipat ng tirahan ang miyembro. Maaari lang itong gawin isang (1) beses sa loob ng isang taon.
Paano kung magsara ang Konsulta+SGD provider kung saan nakarehistro ang miyembro?	Ilipat ng PhilHealth Regional Office ang miyembro sa pinakamalapit na Konsulta+SDG provider.
Ilang beses maaaring makapagkonsulta sa Konsulta+SDG provider?	Maaaring magpakonsulta ang miyembro nang higit isang beses sa loob ng isang taon.
May babayaran ba tuwing kukuha ng benepisyo sa Konsulta+SDG?	Magbabayad lamang ang miyembro kung sa pribadong Konsulta+SDG provider siya nagparehistro. PhP 250.00 ang maaaring singilin ng isang pribadong pasilidad isang beses kada taon.
Paano maging Konsulta+SGD provider at makapag-claim sa PhilHealth?	<p>Para maging Konsulta+SDG provider, kinakailangan ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> ● License-to-operate bilang primary care facility galing sa Department of Health. ● Accredited ng PhilHealth bilang Konsulta+SGD provider. ● May Service Level Agreement kasama ang Managing Board ng Province- o City-Wide Health System na kasapi sa Health Care Provider Network (HCPN)